
# Kilalanin si San Jose



YEAR OF ST. JOSEPH

December 8, 2020 - December 8, 2021

# Sino si San Jose?



## Si Jose ay isang mapagmahal na kabiyak

Si San Jose ay kabiyak ni Maria, ang ina ni Hesus. Ayon sa Kristiyanong tradisyon, siya ay isang karpintero. Sa Ebanghelyo ni Mateo, tinawag siyang isang "taong matuwid," nangangahulugang siya ay isang matapat na Hudyo na sumusunod sa batas ng Diyos.

Si Jose ay nakatakdang ikasal kay Maria, ngunit nang matuklasan niyang si Maria'y nagdadalang-tao kay Hesus, nagpasya siyang hiwalayan ito ng "lihim," dahil ang parusa sa pangangalunya ay kamatayan sa pamamagitan ng pagbato. Gayunpaman, sinabi sa kanya ng anghel ng Panginoon sa isang panaginip na dapat niyang ituloy ang kasal dahil ang anak ni Maria ay ipinaglihi lalang ng Espiritu Santo.

## Pinrotektahan ni Jose sina Maria at Hesus



Minahal ni Jose ang ina ni Hesus na si Maria. Minahal din niya si Hesus bilang kanyang tunay na anak. Kahit na kailangang ipanganak ni Maria si Hesus sa isang sabsaban, ginawa ni Jose ang kanyang makakaya upang alagaan at protektahan sina Maria at ang Batang si Hesus. Nang ipapatay ni Herodes ang batang si Hesus, dinala ni Jose ang kanyang pamilya sa Ehipto at kalaunan ay ligtas silang ibinalik sa Nazaret pagkamatay ni Herodes.




## Si Jose ang kinilalang ama ni Hesus

Isinasaad sa Ebanghelyo ni San Lukas na nang si Hesus ay labindalawang taon, dinala siya ni San Jose at Maria sa Templo ng Jerusalem.
Sila'y nagkahiwalay, at ginugol nina Maria at Jose ang tatlong araw sa paghahanap sa kanya. Nang matagpuan nila siya, sinabi ni Maria kay Hesus: "Anak, bakit mo ito ginawa sa amin? Hinahanap ka namin ng iyong ama nang may labis na pag-aalala." Bilang tugon, sinabi ni Hesus: "Bakit ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam na dapat ay nasa bahay ako ng aking Ama?" (Lucas 2: 48-49)
Tinuring ni Maria si Jose bilang ama ni Hesus at iginalang ang kanyang tungkuling pangalagaan at protektahan si Hesus, at palakihin ito ayon sa pananampalatayang-Hudyo.

## Mga itinuro ni San Jose

Si San Jose ang ating espiritwal na ama. Sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga halimbawa, ipinagkakatiwala natin ang ating sarili sa kanyang pangangalaga upang matulungan niya tayong maisabuhay ang mga birtud at maging banal.  na turuan tayo kung paano sundin si Hesus nang walang pag-aatubili, ang ipagkaloob sa Kanya ang lahat sa atin.



## Pagsunod sa utos ng Diyos…

Itinuturo sa atin ni San Jose ang kahalagahan ng tahimik na pagninilay, isang mahalagang aspeto ng panalangin. Walang naitalang mga salita si San Jose sa Ebanghelyo. Ang kanyang katahimikan ay itinuturing na isang aktibong pakikinig sa kalooban ng Diyos. Sa Taong ito ni San Jose, maglaan ng oras para sa iyong pamilya na manalangin sa kanya araw-araw, humingi ng tulong sa kanya upang matutunang sundin ang kalooban ng Diyos. Sa paggabay ni San Jose, maaari nating hilingin sa kanya na turuan tayo kung paano sundin si Hesus nang walang pag-aatubili, ang ipagkaloob sa Kanya ang lahat sa atin.

## Dignidad ng Hanap-buhay…



Ipinapaalala sa atin ni San Jose ang dignidad ng hanap-buhay.
Bagaman kaunti lamang ang ating nalalaman tungkol sa ama ni Hesus, batid nating siya ay isang karpintero, isang taong naghahanap-buhay, dahil ang mga nagdududa na Nazareno ay nagtanong tungkol kay Hesus, “Hindi ba ito ang anak ng karpintero?” Mateo 13:55
Si San Jose ay isang mabuting tao, lalo na sa kanyang paggawa; hindi kailanman siya humiling ng kapalit. Maayos niyang tinanggap ang anumang ipinagkakaloob sa kanya.

## Paggalang at Pagtitiwala sa Diyos…

Ipinakita ni San Jose ang kanyang malaking paggalang at pananampalataya sa Diyos, tulad ng kanyang paniniwala na ang Diyos ay magkakaloob ng biyaya para sa kanya at sa Banal na Pamilya. Ang isang halimbawa nito ay ang mga regalong inihandog ng mga Mago kay Hesus. Tinulungan nila sila sa kanilang mahabang paglalakbay kung saan salat ang mga pangunahing pangangailangan.

Hindi ito nangangahulugang si San Jose ay hindi nagsumikap nang husto - alam niyang kailangan niyang pangalagaan ang Anak ng Diyos at ang Ina nito! Nagsumikap si San Jose na maging pisikal at espiritwal na ama ng Diyos. Ang mga misyonero ay nakararanas din ng naranasan ni San Jose, dahil kailangan din nilang magsumikap upang maipabatid ang Salita ng Diyos sa iba, tugunan ang kanilang mga pangangailangan, sa lahat ng panahon, nang may pagtitiwala sa biyaya ng Diyos.

## Buhay na Pananampalataya sa Diyos...



Nang ipinahayag ng Anghel kay San Jose na ang kanyang pamilya ay nasa panganib, kaagad niyang iniwan ang lahat ng kanyang pag-aari, ang kanyang pamilya at mga kaibigan, at tumakas patungong ibang bansa kasama ang kanyang asawa at anak. Sa Ehipto, wala siyang kakilala ni isa man at napaliligiran ng mga taong sumasamba sa maraming mga diyos, humanap siya ng paraan upang maitaguyod ang kanyang pamilya. Siya ay isang magandang halimbawa ng pananampalatayang buhay, pananampalatayang ibinahagi niya sa iba.

Siya at ang Banal na Pamilya ay isa sa mga unang Misyonero ng Diyos. Sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos, iniiwan ng mga Misyonero ang kanilang pamilya, kaibigan at buhay, upang maglingkod at dalhin ang Mabuting Balita ni Hesus sa iba.

Si San Jose, tulad din ng mga Misyonero sa buong mundo ngayon, ay nagpapakita rin sa atin kung paano protektahan at tulungan ang iba. Ito ay naisagawa niya sa kanyang sa buong buhay! Mula

sa simula, pinangalagaan na niya ang dignidad ni Maria, pinangalagaan ang kanyang buhay, pinrotektahan niya si Hesus mula kay Herodes at patuloy siyang nagbabantay, upang ipagtanggol at panatilihin ang kanyang banal na pamamatnubay sa Batang si Hesus at sa kanyang inang si Maria.



Alam nating minahal ni San Jose si Hesus. Isa sa kanyang inaalala ay ang kaligtasan ng batang ipinagkatiwala sa kanya. Hindi lamang siya umalis sa kanyang tahanan upang protektahan si Hesus, ngunit sa kanyang pagbabalik ay nanirahan sa isang tagong bayan ng Nazaret para sa kanilang kaligtasan. Nang si Hesus ay nanatili sa Templo, alam nating labis ang pagkabalisa nina Jose at Maria sa paghahanap sa kanya sa loob ng tatlong araw. (Lukas 2:4) Ang mga misyonero ay nagbibigay ng proteksyon para sa mga bata at sa kanilang pamilya na nabubuhay sa kahirapan. Ibig mo rin bang maging Misyonero tulad ni San Jose at tumulong sa mga bata at sa kanilang pamilyang nangangailangan sa Misyon?

## TRIVIA...

Si San Jose ay patron ng mga sumusunod:
Simbahang Katoliko, sanggol sa sinapupunan, ama, imigrante, manggagawa, hanap-buhay, manlalakbay, karpintero, mangangalakal, ng mga nagdududa at nag-aalinlangan, at ng payapang kamatayan

# Mga Panalangin kay San Jose

San Jose, bantayan at alagaan mo po ako tulad ng pag-aalaga mo sa batang si Hesus; at sa pamamagitan ng iyong tulong, makilala ko nawa ang iyong Anak, at nang sa gayon lumaki ako sa kalakasan at karunungan at sa biyaya ng Diyos. Amen.

## Panalangin sa Natutulog na si San Jose

Sa buhay at misyon ni San Jose, pinili ng Diyos na makipag-usap sa kanya habang siya'y natutulog. Sa APAT na pagkakataon, nakipag-usap ang Diyos kay San Jose sa pamamagitan ng isang anghel at ipinahayag ang napakahalagang mensahe sa kanyang mga panaginip.
Kamakailan lamang, ang natutulog na San Jose ay naging isang tanyag na debosyon sa Simbahan. Hinihikayat ang mga deboto na isulat ang kanilang intensyon sa isang piraso ng papel at ilagay ito sa ilalim ng imahen ng natutulog na si San Jose. Sa pamamagitan nito, makakaasa tayo sa pamamagitan ni San Jose, na kanyang dadalhin ang ating mga panalangin sa harap ng Diyos.

O, San Jose, pangangalaga mo’y napakadakila,
napakalakas, napakabilis sa harap ng trono ng Diyos,
ipinagkakatiwala ko sa iyo ang lahat ng aking hangarin at saloobin.

O, San Jose, tulungan mo ako sa pamamagitan
ng iyong dakilang pamamagitan.
Ipagkaloob mo sa akin, mula sa iyong Banal na Anak,
ang lahat ng mga pagpapalang espiritwal,
sa pamamagitan ni Hesukristo, na aming Panginoon,
upang sa pakikiisa dito sa lupa
sa iyong makalangit na kapangyarihan,
maihandog ko ang aking pasasalamat
at paggalang sa pinakamamahal na Ama.

O, San Jose, hindi ako magsasawang pagnilayan ka
at si Hesus na natutulog sa iyong mga bisig;
Hindi ako maglalakas-loob na lumapit
habang Siya ay namamahinga malapit sa iyong puso.

Haplusin mo Siya alang-alang sa akin at halikan ang Kanyang ulo
para sa akin at hilingin sa Kanyang ibalik ang halik
kapag ako ay malapit ng pumanaw.
San Jose, Patron ng Simbahan, ipanalangin mo ako
at ang aking mga mahal sa buhay. Amen.

# Paanyaya sa Taon ni San Jose

Idineklara ni Santo Papa Francisco ang isang taon para kay San Jose mula Disyembre 8, 2020 hanggang Disyembre 8, 2021. Ito ay upang mabigyang-pugay ang ika-150 Anibersaryo ng Pagpapahayag sa Santo bilang Patron ng Simbahan.

Itinakda ni Papa Francisco ang taong ito ni San Jose upang "ang bawat miyembro ng mga mananampalataya, na sumusunod sa kanyang halimbawa, ay mapatatag sa kanilang buhay-espiritwal araw-araw sa ganap na pagsasakatuparan sa kalooban ng Diyos."

Ang 2021 ay isang espesyal na taon! Sa taong ito, ipinagdiriwang natin ang ika-150 anibersaryo ng proklamasyon kay San Jose bilang Patron ng Simbahan at ang Taon ni San Jose. Ipinaliwanag niya na pinaigting ng pandemya ang kanyang hangaring pagnilayan si San Jose na maihahalintulad sa napakaraming mga tao sa panahon ng pandemya na gumawa ng mga



tagong sakripisyo upang maprotektahan ang iba, tulad ng tahimik na pag-alaga ni San Jose kina Maria at Hesus. Nais din ng Santo Papa na bigyang-pansin ang papel na ginampanan ni San Jose bilang isang ama na naglilingkod sa kanyang pamilya nang may kawanggawa at kababaang-loob. Dagdag pa niya, "Ang ating mundo ngayon ay nangangailangan ng mga ama."



Isang handog na natatanging indulhensiya ang ipagkakaloob din para sa Taon ni San Jose. Makikita mo ito sa ibaba, at hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na kunin ang pagkakataong matanggap ang indulhensiya.

† Pagnilayan nang hindi bababa sa 30 minuto ang Ama Namin
† Makiisa sa isang espiritwal na pagninilay kahit isang araw lamang, kasabay ng pananalangin kay San Jose
† Magsagawa ng isang korporal o espirituwal na gawa ng awa
† Magdasal ng Santo Rosaryo sa pamilya
† Ipagkatiwala ang gawain araw-araw sa proteksyon ni San Jose at sa lahat ng mga mananampalataya na umaasa sa kanyang pamamagitan
† Dasalin ang litanya ni San Jose at iba pang panalangin kay San Jose para sa mga inuusig na Simbahan at para sa kalayaan ng lahat ng mga inuusig na Kristiyano
† Dasalin ang anumang naaprubahang panalangin o gawa ng kabanalan bilang parangal kay San Jose, halimbawa "Sa iyo, O pinagpalang San Jose," lalo na sa: ika-19 ng Marso, Dakilang Kapitahan ni San Jose, Mayo 1-Kapistahan ni San Jose, ang Manggagawa, Disyembre 26-Kapistahan ng Banal na Pamilya, at ang ika-19 araw ng bawat buwan o tuwing Miyerkules




Children Celebrate!
Liturgy of the Word with Children

THE YEAR OF SAINT JOSEPH • THE YEAR OF THE FAMILY

Pflaum Gospel Weeklies
FAITH FORMATION PROGRAM

# God's Message to Joseph

**The answers to the puzzle clues are found in Matthew 1:18–25 (but try to complete the puzzle without looking!). Then read the Gospel passage to check your answers.**



### Across

2. Who appeared to Joseph? ______________________
4. Joseph's wife-to-be was ______________________.
5. Joseph decided to take Mary into his ______________.
6. Joseph belonged to the family of ________________.

### Down

1. Who had a dream? ______________________
2. The angel told Joseph not to be ______________.
3. The angel appeared in a ______________________.

**Word Bank**

David
angel
Joseph
afraid
home
dream
Mary

© Pflaum Publishing Group, a division of Bayard, Inc. Art: © Bayard, Inc. – Illustration: Jim Burrows.
Permission is granted to reproduce this page for use by parishes, schools, and families using *Pflaum Gospel Weeklies*, *Children Celebrate!*, or the Children's Liturgy of the Word videos by Miss Heidi (more info at https://linktr.ee/kidsliturgy). • 800-543-4383 • pflaum.com

Children Celebrate!
Liturgy of the Word with Children

Pflaum Gospel Weeklies
FAITH FORMATION PROGRAM

# Joseph Was a Loving Father

**What are the qualities of a good father? Write them around the picture of Saint Joseph holding Baby Jesus. Then color the picture.**



© Pflaum Publishing Group, a division of Bayard, Inc. Art: © Bayard, Inc. – Illustration: Jim Burrows.
Permission is granted to reproduce this page for use by parishes, schools, and families using *Pflaum Gospel Weeklies, Children Celebrate!*, or the Children's Liturgy of the Word videos by Miss Heidi (more info at https://linktr.ee/kidsliturgy). • 800-543-4383 • pflaum.com


Children Celebrate!
Liturgy of the Word with Children

THE YEAR OF SAINT JOSEPH • THE YEAR OF THE FAMILY

Pflaum Gospel Weeklies
FAITH FORMATION PROGRAM

# Joseph Led His Family to Safety

**After the Magi had visited them in Bethlehem, an angel came to Joseph in a dream. The angel told him to take Mary and Jesus to Egypt where Jesus would be safe from King Herod. Solve the maze to guide the Holy Family to safety in Egypt.**




© Pflaum Publishing Group, a division of Bayard, Inc. Art: © Bayard, Inc. – Illustration: Jim Burrows.
Permission is granted to reproduce this page for use by parishes, schools, and families using *Pflaum Gospel Weeklies, Children Celebrate!*, or the Children's Liturgy of the Word videos by Miss Heidi (more info at https://linktr.ee/kidsliturgy). • 800-543-4383 • pflaum.com

Children Celebrate!
Liturgy of the Word with Children

THE YEAR OF SAINT JOSEPH • THE YEAR OF THE FAMILY

Pflaum Gospel Weeklies
FAITH FORMATION PROGRAM

# Learning About Saint Joseph

All that we know about Saint Joseph can be found in the first chapters of the Gospels of Matthew and Luke. Joseph was Mary's husband and the foster father of Jesus. He was a good, hardworking man who protected his wife and child. Saint Joseph is honored as the patron of many groups of people.

Find out which groups by putting an X through the squares on the grid that contain symbols or numbers.

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| % | & | A | £ | ¢ | L | L | O | $ | F | ! | T | ^ | H | E | # | S |
| ~ | E | G | @ | ( | ( | R | ^ | O | 5 | U | 8 | 6 | P | # | S | 2 |
| O | & | F | 5 | % | P | 8 | E | $ | O | P | + | ? | L | @ | E | ! |

**Saint Joseph is the patron of ______________________________.**

## Sharing Bread



Long ago in Italy, a drought caused the crops to fail. People prayed to Saint Joseph, asking for rain. Their prayers were answered, and they celebrated with a great feast. It became the custom on Saint Joseph's Day (March 19) to prepare tables of food for the poor. Many Catholics still observe Saint Joseph's Day by baking special breads and sharing them with hungry people. Before your meal today, pray this prayer:



**Almighty God, the food on this table reminds us of your many good gifts. Bless this food and all of us. May the prayers of Saint Joseph, who provided bread for your Son, help us on our journey toward your heavenly kingdom. Amen.**

© Pflaum Publishing Group, a division of Bayard, Inc. Permission is granted to reproduce this page for use by parishes, schools, and families using *Pflaum Gospel Weeklies*, *Children Celebrate!*, or the Children's Liturgy of the Word videos by Miss Heidi (more info at https://linktr.ee/kidsliturgy). • 800-543-4383 • pflaum.com


Pflaum Gospel Weeklies
FAITH FORMATION PROGRAM

THE YEAR OF SAINT JOSEPH • THE YEAR OF THE FAMILY

# Joseph Was a Loving Husband

Notice in this Gospel reading how Joseph protected Mary's reputation.

"Now this is how the birth of Jesus Christ came about. When his mother Mary was betrothed to Joseph, but before they lived together, she was found with child through the holy Spirit. Joseph her husband, since he was a righteous man, yet unwilling to expose her to shame, decided to divorce her quietly. Such was his intention when, behold, the angel of the Lord appeared to him in a dream and said, 'Joseph, son of David, do not be afraid to take Mary your wife into your home. For it is through the holy Spirit that this child has been conceived in her. She will bear a son and you are to name him Jesus, because he will save his people from their sins' " (Matthew 1:18–21).



**Joseph is described as a righteous, or just, man. Righteousness was one of his good qualities. Describe your finest personal quality.**

© Pflaum Publishing Group, a division of Bayard, Inc. Art: © Bayard, Inc. – Illustration: Jim Burrows.
Permission is granted to reproduce this page for use by parishes, schools, and families using *Pflaum Gospel Weeklies*, *Children Celebrate!*, or the Children's Liturgy of the Word videos by Miss Heidi (more info at https://linktr.ee/kidsliturgy). • 800-543-4383 • pflaum.com

Children Celebrate!
Liturgy of the Word with Children

THE YEAR OF SAINT JOSEPH • THE YEAR OF THE FAMILY

Pflaum Gospel Weeklies
FAITH FORMATION PROGRAM

# Joseph Protected Mary and Jesus

**Joseph loved Jesus' mother, Mary. He also loved Jesus like his own son. Even though Mary had to give birth to Jesus in a stable, Joseph did his best to care for and protect Mary and Baby Jesus.**



© Pflaum Publishing Group, a division of Bayard, Inc. Art: © Bayard, Inc. – Illustration: Jim Burrows.
Permission is granted to reproduce this page for use by parishes, schools, and families using *Pflaum Gospel Weeklies, Children Celebrate!* or the Children's Liturgy of the Word videos by Miss Heidi (more info at https://linktr.ee/kidsliturgy). • 800-543-4383 • pflaum.com

Children Celebrate!
Liturgy of the Word with Children

THE YEAR OF SAINT JOSEPH • THE YEAR OF THE FAMILY

Pflaum Gospel Weeklies
FAITH FORMATION PROGRAM

# Joseph Was a Proud Father

**Find Joseph in the two pictures. What feelings does his face show? How does he feel about Mary? How does he feel about his son, Jesus?**

**Find the six differences between the two pictures. Then enjoy coloring both pictures.**





© Pflaum Publishing Group, a division of Bayard, Inc. Art: © Bayard, Inc. – Illustration: Jim Burrows.
Permission is granted to reproduce this page for use by parishes, schools, and families using *Pflaum Gospel Weeklies, Children Celebrate!*, or the Children's Liturgy of the Word videos by Miss Heidi (more info at https://linktr.ee/kidsliturgy). • 800-543-4383 • pflaum.com